



## Integrasyon ng Indigenous People Studies at Gender-Based Education sa Pagtuturo ng Filipino

*Dr. Suzette DC Domingo*

*Nueva Ecija University of Science and Technology, Cabanatuan City, Nueva Ecija Philippines*

### ABSTRACT

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong lalo pang pag-igtingin ang adbokasiya para sa karapatan ng mga katutubo at pantay na kasarian sa isang inklusibong lipunan at higit pang mapagbuti ang mga programa ng Gender and Development Center na magsulong ng kanilang karapatan at pagkakakilanlan. Ang mananaliksik ay gumamit ng pamamaraang deskriptibo kasama ang pag-aanalisa ng mga datos. Ang Teoryang Intersectionality ni Kimberlé Crenshaw, 1989, Feminist Theory at Indigenous Knowledge and Practices (IKSP) na nakatuon sa natatanging pananaw ng mga katutubo tungkol sa kasarian, kultura, at pamumuhay at ang pinahahalagahan ang sariling karunungan ng mga Indigenous communities tungkol sa gender roles, sa halip na ipataw ang dayuhang pananaw. Ginamit ang 14 na gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino at mga piling mag-aaral na may kabuuang 100 na nagmula sa iba't ibang kolehiyo na kumukuha ng kursong Filipino. Tinuos sa weighted mean ang mga nakalap na datos at matamang sinuri at binigyan ng interpretasyon.

Mga susing salita: Indigenous people studies, gender equality, gender roles, gender-based education

### 1. Panimula

Ang mga batas sa Pilipinas tulad ng Indigenous Peoples Rights Act (IPRA) ng 1997 o (RA 8371) ay kinilala ang karapatan ng mga katutubo sa kanilang lupain, kultura, at sariling pagpapasya, kabilang ang kanilang tradisyunal na gender roles. Ang Magna Carta of Women o (RA 9710, 2009) ay isa ding batas na naglalayong tiyakin ang proteksyon at pagsulong ng karapatan ng kababaihan, lalo na ng mga nasa marginalized sectors tulad ng Indigenous Peoples. Idagdag pa rito ang Gender and Development (GAD) Budget Policy na kung saan inaatasan ang mga ahensya ng gobyerno na maglaan ng pondo para sa mga programang pang-gender equality, kabilang ang mga inisyatiba para sa mga kababaihan at mga katutubo.

Ang ilang mga batas na nabanggit ay naging tulay upang higit pang mapalawig at marinig ang boses ng kababaihan gayundin ang mga katutubo at mabuwa ang deskriminasyon at magkaroon ng katarungang pangkasarian. Bunsod nito ang Commission on Higher Education (CHED) ay naglabas ng CMO #2 series of 2019 na nagtatakda na magkaroon ng integrasyon ng Indigenous people studies/education sa mga relevant education curricula upang higit na mapag-igting ang karapatan ng mga katutubo.

Dahil sa pagkakatukha ng marami pang batas ukol sa gender equality ay masusing sinunod ng lahat ng ahensya ng pamahalaan ang pagsusulong ng mga proyekto sa Gender and Development (GAD) na siyang batas bilang Republic Act 10633 o General Appropriation Act of 2014 at ayon na rin sa Konstitusyon ng Pilipinas Artikulo IV Seksyon I ng 1986 Konstitusyon “na dapat pangalagaan ng estado ang Karapatan ng lahat ng mamamayan sa mahusay na edukasyon sa lahat ng antas at dapat magsagawa ng angkop na hakbang upang matamo ng lahat ang may kalidad na edukasyon.”

Ang asignaturang Filipino ay isang behikulo upang makapagkintal sa puso at isip ng mga mag-aaral ang halaga ng pantay na karapatan ng lahat ng kasarian at ang pagpapataas ng moral ng mga katutubong Filipino na walang bahid diskriminasyon. Sa ilang mga akda ng mga manunulat na Pilipino tulad nina Macario Pineda sa kanyang obrang *Ang Ginto sa Makiling* bagamat hango sa mitolohiya, may temang nauugnay sa kultura at paniniwala ng mga katutubo, Virgilio S. Almario sa kanyang akdang *Doktrinang Anakpawis, Balagtasismo vs. Modernismo* na isinulong ang panitikan ng mga katutubong Filipino at isinama ito sa kanyang pananaliksik at pagsasalin, Resil Mojares sa akdang *House of Memory, Waiting for Mariang Makiling* na I sinulat ang kasaysayan at panitikang Filipino, kabilang ang kultura ng mga katutubo sa Visayas at Mindanao at marami pang obra na may kaugnayan sa Indigenous People. Ang ilang mga akda naman na may kaugnayan sa gender equality ay sina Joi Barrios sa obrang *Ang Pagiging Babae ay Pamumuhay sa Panahon ng Digma* isang feministang makata na sumulat ng mga tula tungkol sa karapatan ng kababaihan, pang-aapi, at pakikibaka sa patriyarkal na sistema. Si Lidy Nacpil sa kanyang mga sanaysay tungkol sa kababaihan at aktibismo kilala bilang isang feministang manunulat at aktibista na sumusulat tungkol sa gender equality, karapatang pantao, at adbokasiya ng kababaihan. Si Nick Joaquin sa kanyang akdang *The Woman Who Had Two Navels, A Portrait of the Artist as Filipino* na rinalakay sa kanyang mga akda ang papel ng kababaihan sa lipunang Pilipino at ang epekto ng kolonyalismo sa gender identity. Si Rosario de Guzman-Lingat sa kanyang akdang *Kung Wala na ang Tag-araw* kwentong tungkol sa buhay ng kababaihan sa mahihirap na sektor, ipinakita ang kanilang pangarap at pagsisikap na makaahon sa diskriminasyon.

Ang ilang mga akdang nabanggit ay nakapagbigay ng malaking tulong sa mga guro at mag-aaral upang higit silang maging mulat sa pagtangi at pagrespeto sa pagkakapantay-pantay ng mga Pilipino sapagkat ang panitikan ay lunduyan ng mga kultura na nagpapakilala sa lipunang mayroon tayo. Sa mga akdang ito napukaw ang Generation Z upang maunawaan ang halaga at identidad ng isang indibidwal.

Ang pananaliksik na ito ay makatutulong kung paano maisakatuparan ang mga gawaing nakabatay sa gender-based at cultural-based education tungo sa pagbabago ng kanilang aspetong pangkaisipan at pangsaloobing nakabatay sa karapatang pantao at pagkakapantay-pantay anuman ang kasarian.

## 2. Paglalahad ng Layunin

1. Mailarawan ang integrasyon ng guro ng edukasyong gender-based at Indigenous People studies /education sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.
2. Matukoy ang nagging bunga ng integrasyon ng edukasyong gender-based at Indigenous People studies /education sa pagtuturo batay sa peformans ng mga mag-aaral.
3. Makabuo ng mga mungkahing planong gawain sa pagtataguyod ng R.A. 9710 at R.A. 7722 o H.E. Act OF 1994 na magagamit ng Gender and Development Center , mga guro at mga mag-aaral sa kanilang komunidad.

## 3. Metodolohiya

### 3.1 Disensyo ng Pananaliksik

Ang mananaliksik ay gumamit ng pamamaraang deskriptibo kasama ang pag-aanalisa ng mga datos. Ang Teoryang Intersectionality ni Kimberlé Crenshaw, 1989, Feminist Theory at Indigenous Knowledge and Practices (IKSP) na nakatuon sa natatanging pananaw ng mga katutubo tungkol sa kasarian, kultura, at pamumuhay at ang pinahalagahan ang sariling karunungan ng mga Indigenous communities tungkol sa gender roles, sa halip na ipataw ang dayuhang pananaw.

### 3.2 Tagatugon sa Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa integrasyon ng gender equality at Indigenous People studies /education sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa kolehiyo.

Ang mga tagatugon sa pananaliksik na ito ay ang mga mag-aaral at guro sa Nueva Ecija University of Science and Technology na may mga asignaturang Filipino. May kabuuang isandaan at labing -apat na (114) na mga kalahok sa pag-aaral.

### 3.3 Instrumento ng Pananaliksik

Ang mananaliksik ay gumawa ng talatanungan/tseklis. Ang bahagi nito ay naipasuri sa mga eksperto sa gender equality mula sa Gender and Development Center at eksperto sa Indigenous people studies/education mula sa Regional Center for Indigenous Peoples Education upang matiyak ang kaaungkupan ng mga katanungan na makakasagot sa kabuuan ng pag-aaral. Ang tseklis/talatanungan ay nahati sa dalawa: para sa mga guro at para sa mga mag-aaral.

### 3.4 Pagsusuring Pang-Istadistika

Ang istadistikang ginamit ay pagsusuri at paglalarawan ng mga datos sap ag-aaral ay ang mga sumusunod:

1. Sa pagtataya ng ga gurong eksperto sa ginawang pag-aaral , ang weighted mean ang ginamit na batayan.

Ang formulang

$$X = \frac{\sum x \text{ kabuoang iskor}}{N(x) \text{ bilang ng aytem}}$$

N (x) bilang ng aytem

Interpretasyon:

X= para sa arithmetic mean

x= para sa karampatang iskor

N= para sa kabuoang bilang ng mga gurong tagataya

2. Ginamit ang Likert's Scale upang mabigyan ng pagpapakahulugan ang bawat iskor na nakuha sa pag-aaral.

---

#### 4. Lagom, Konklusyon at Rekomendasyon

Nakasentro sa kabanatang ito ang lagom, konklusyon at rekomendasyon na kinahinatnan ng pag-aaral at ang kabisaan ng integrasyon ng gender-based education at Indigenous studies/education sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

##### Lagom

1. Inilarawan kung paano itinaguyod ng mga guro ang integrasyon ng gender-based education at indigenous people studies/education ayon sa wikang kinagisnan ay may malaking impak sa paraang pasalita o pasulat.
2. May malawak ng kaalaman patungkol sa gender roles ng babae at lalaki na nagbigay ng malaking hinuha na may magandang kaisipan na ang mga tagatugon hinggil dito.
3. Ang mga guro ay gumamit ng mga literary pieces o mga babasahing pampanitikan na makatutugon sa mga isyung may kaugnayan sa katutubo at kasarian.
4. Naipakita ng unibersidad ang suporta ng administrasyon sa pammagitan ng mga aprubadong mga gawain , pasilidad, mga tanggapan na may tuon sa katutubo at gender equality tulad ng Gender and Development Center (GAD) sa pangunguna ni direktor Alma G. Galang at ang Regional Center for Indigenous Peoples Education (ReCIPE) sa pamamahala ni Dr. Vilma Ramos.
5. Naipakita ang mga mungkahing planong gawain sa pagtataguyod ng R.A. 9710 at R.A. 7722 o H.E. Act OF 1994.

---

##### Konklusyon

1. Base sa pagtukoy kung paano naitaguyod ng mga guro ang indigenous people studies/education and gender-based education sa pagtuturo ng asignaturang Filipino na nakabatay sa mga salik tulad ng wika, gender roles and pasilidad at mga kagamitan sa unibersidad ay may Magandang resultang naipakita. Ang lahat ng salik na nabanggit ay may madalas na integrasyon indigenous people studies/education and gender-based education sa pagtuturo.
2. Ang paghahatid ng kaalaman ay isang mahalagang hakbang upang mapanatili ang kamalayang pangkultura at pagpapahalaga sa pagkakapantay-pantay. Ang mga sistematikong proseso upang maisakatuparan ito nang epektibo ay binigyang diin ng mga guro tulad ng paggamit ng angkop na estratehiya sa pagtuturo tulad ng interaktibong diskusyon kabilang ang pagpapalabas ng o dokumentaryo o panayam mula sa mga kinatawan ng IP at LGBTQ+ community, integrasyon ng panitikan at wika, pagbuo ng nalikhain at makabuluhang awtput tulad ng paggamit ng role-playing, modernong panulaan, pagkukwento, at paggawa ng mga personal na sanaysay tungkol sa karapatan ng IPs at gender equality at pagpapalawak ng kamalayan gamit ang social media platforms. At ang pagsusuri at ebalwasyon sa pamamagitan ng pagtataya ng pagkatuto at pagsusuri sa epekto ng mga aralin sa mga mag-aaral.
3. Ang integrasyon ng **Gender Equality at Indigenous People (IP) Studies** sa asignaturang Filipino ay may malalim at makabuluhang epekto sa mga mag-aaral tulad ng mas naging malawak ang pagkilala nila sa sariling kultura at pagkaunawa sa konsepto ng pagkakapantay-pantay, pagpapahalaga sa pagkakaiba-iba, pagtanggap ng biases at diskriminasyon ,mas malalim na pagtangkilik sa karapatan ng lahat. Sa kabuuan, ang integrasyon ng **Gender Equality at IP Studies** sa asignaturang Filipino ay may **positibong epekto sa akademiko, sosyal, at personal na pag-unlad** ng mga mag-aaral. Ito ay nagtuturo sa kanila ng mas malalim na **paggalang, pagkakapantay-pantay, at pagkakaisa**, na siyang pundasyon ng isang makatarungan at inklusibong lipunan.

---

##### Rekomendasyon

1. Hikayatin ang mga guro at mag-aaral na magsumite ng mga akdang pampanitikan sa TAKOS ang Literary journal ng GAD at IOLL, isa itong peer reviewed na journal na naglalaman ng mga tula, dagli, maikling kwento at personal na sanaysay na nagpapalutang sa kakayahan ng mga guro na na lumikha at malathala ang kanilang obra.
2. Madagdagan pa ang mga treyning at seminars para sa mga guro at mag-aaral ng mas naging malawak ang pagkilala nila sa sariling kultura at pagkaunawa sa konsepto ng pagkakapantay-pantay, pagpapahalaga sa pagkakaiba-iba, atbp.
3. Mapalawig pa ang mga gawaing ekstensyon ng unibersidad para sa isang pantay at inklusibong lipunan.
4. Inirerekomenda rin na magkaroon ng iba pang pag-aaral tulad nito sa ibang asignatura upang makita ang lawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa **Gender Equality at Indigenous People (IP) Studies/Education**.

---

##### References

- Batas Republika Blg. 9710 Magna Carta ng Kababaihan. (2014). KWF, 2F Watson Building, JP Laurel Street San Miguel , Maynila.
- Belvez, Paz M. (2000) . Ang Sining at Agham ng Pagtuturo. Rex Printing Company Inc. Manila.

Dela Pena, Jessica Marie . Integrasyon ng Edukasyoing Gender sa Pagtuturo ng Filipino. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR). Voluem 9 Issue 2. February 2023.

Commission on Higher Education (CHED), CMO #2 series of 2019.

Republic Act 10633 o General Appropriation Act of 2014.

R.A. 9710 at R.A. 7722 o H.E. Act OF 1994.

Anti-Sexual Harassment Act (Republic Act No. 7877).

Safe Spaces Act (Republic Act No. 11313).

Women in Development and Nation Building Act (Republic Act No. 7192):

NEUST Gender and Development Manual. October 23,2023.

Indigenous Peoples' Rights Act of 1997 or IPRA.